



Nag-aalala ang ilang pamilya na maaaring makaapekto sa kanilang pagkakataon na makakuha ng green card ang pagtanggap ng mga pampublikong benepisyo.

Matutulungan ka ng dokumentong ito na alamin pa ang tungkol sa iyong sitwasyon at mga pampublikong programa na maaaring makaapekto sa iyong status sa imigrasyon.

Kung kwalipikado ka, ang mga sumusunod na programa ng pamahalaan ay hindi makakaapekto sa iyong status at aplikasyon sa imigrasyon.

- Medicaid at iba pang pangangalang pangkalusugan (maliban sa pangmatagalang institusyonal na pangangalaga)
- SNAP
- Pampublikong Pabahay
- Pagpapasuri, pagpapagamot at mga bakuna para sa COVID
- Mga pagbabayad dahil sa epekto sa ekonomiya kaugnay ng pandemya
- Isang beses na pinansyal na tulong kaugnay ng pandemya
- EITC at mga credit sa buwis para sa may mga anak
- WIC
- CHIP
- Libre o murang mga pananghalian sa paaralan
- Mga food bank o matutuluyan

ANO ANG PUBLIC CHARGE?



Ang ilang mga taong nag-a-apply para sa green card (lawful permanent resident status) o visa para makapasok sa U.S. ay dapat pumasa sa pagsusuri sa “public charge” – na sumusuri sa posibilidad ng isang tao na pangunahing dumepende sa mga serbisyo ng pamahalaan sa hinaharap. Tinitingnan ang mga opisyal ng imigrasyon ang lahat ng sitwasyon ng isang tao, kasama ang kanilang edad, kita, kalusugan, edukasyon o skills, sitwasyon ng pamilya at kanilang sinumpaang pahayag para sa suporta ng sponsor o kontrata. Nakalista sa ibaba ang tangi lamang mga benepisyo na isinasaalang-alang sa pagsusuri sa public charge:

- Mga programang cash na tulong na ginagamit para sa mga kasalukuyang pagbabayad. Kasama sa mga halimbawa ang SSI, TANF, General Assistance
- Pangmatagalang institusyonal na pangangalaga na pamahalaan ang nagbabayad



Isa ka bang U.S. citizen o ang iyong mga kapamilya?

HINDI nalalapat sa iyo ang public charge. Dapat patuloy kang magpatala sa mga programang kwalipikado ka.



Mayroon ka na bang green card o ang iyong mga kapamilya? HINDI nalalapat sa iyo ang public charge kapag nag-renew ka ng iyong green card o nag-a-apply para maging isang U.S. Citizen. Gayunpaman, maaaring nalalapat ito kapag umalis ka ng bansa nang higit sa 6 na buwan. Mainam na makipag-usap sa isang abogado pang-imigrasyon kung nagpapalano kang bumiyaha nang matagal sa labas ng U.S.



Nag-a-apply ka ba para sa isa o mayroon ka bang isang status ng mga sumusunod: TPS, U o T Visa. Asylum o Refugee status, o Special Immigrant Juvenile Status? HINDI nalalapat sa iyo ang public charge. Kung mayroon ka o nasa proseso na ng pag-a-apply para sa isa sa mga status sa imigrasyon na ito, maaari mong patuloy na gamitin ang anuman sa mga programa ng pamahalaan na kwalipikado ka.



Plano mo bang mag-aplay para sa family-based green card? Maaaring nalalapat ang public charge. Ang tanging benepisyo na isinasaalang-alang sa pagsusuri sa public charge ay ang mga programang tulong na cash na inilalaan para sa mga kasalukuyang pagbabayad (Mga Halimbawa: SSI, TANF, General Assistance) at pangmatagalang institusyonal na pangangalaga tulad ng sa nursing home na ang pamahalaan ang nagbabayad. Inirerekomenda namin na makipag-usap ka sa isang abogado pang-imigrasyon bago magsumite ng anumang aplikasyon na nauugnay sa imigrasyon.

